



# Bawal ang mga Isahang-gamit na Plastik

## PINAGBABAWAL 2022

- 1 JUL**
- ✘ Itinatapong plastik na straw at kubyertos
  - ✘ Itinatapong plastik na plato at walang takip na mangkok
  - ✘ Expanded polystyrene na mga lalagyan/mga tray ng pagkain
- 1 OCT**
- ✘ Lahat ng plastik na shopping bag (anumang kapal)
  - ✘ Itinatapong plastik na mga baso para sa malamig na inumin



## PINAGBABAWAL 2023

- 1 SEPT**
- ✘ Plastik na microbeads
  - ✘ Mga cotton bud na may plastik na tangkay
  - ✘ Nabubulok na plastik
  - ✘ Loose-fill na expanded plastik na pagpapakete



## PINAGBABAWAL 2024

- 1 MAR**
- ✘ Plastik na mga baso para sa mainit na inumin
  - ✘ Plastik na takip/seal ng baso
  - ✘ Mga walang takip na tray ng pagkain na plastik
- 1 SEPT**
- ✘ Hindi kompostableng mga plastik na bag (para sa sariwang prutas at gulay)
  - ✘ Itinatapong mga lalagyan at takip (para sa kainan at takeout na pagkain)



## PINAGBABAWAL 2025

- 1 JUL**
- ✘ Hinulmang expanded na plastik na pagpapakete (para sa mga hindi madaling masira na item na hindi hihigit sa 45 kg)



Ang papel na may pabalat na plastik at kompostableng plastik ay ipinagbawal para sa ilang mga item. Mayroong mga partikular na kahingian at iksemasyon. Hinihikayat ang mga negosyo na regular na basahin ang website para sa mga update.



## Suporta para sa negosyo

Ang Pamahalaan ng Western Australia ay ipinapatupad ang karagdagang mga pagbabawal sa isahang-gamit na mga plastik mula 2023 hanggang 2025.

Sa pamamagitan ng National Retail Association (NRA), ang pamahalaan ay nagsasagawa ng pamamaraang edukasyon-muna upang tulungan ang mga nagtitinda at mga supplier na maunawaan ang pagbabawal, ang kanilang mga obligasyon, at kung paano sumunod dito.

Ang pangkat ng NRA ay nagbibigay ng iba't ibang mga libreng serbisyo para sa mga negosyo na naghahanap ng impormasyon o payo tungkol sa pagbabawal. Kasama dito ang isang website para dito, tollfree hotline para sa mga negosyo, online na mga sesyon ng impormasyon, mga papel-kaalaman, karatula, at pagbisita sa 4,000 na tindahan sa buong Western Australia.

Hinihikayat ang pamahalaan, komunidad, at mga organisasyon ng industriya na magpamahagi ng impormasyon tungkol sa pagbabawal (at ang mga libreng serbisyo ng suporta na makukuha) sa mga negosyo sa kanilang network.



Bisitahin ang website na PlasticsBanWA para sa payo sa negosyo

## Mga mapagkukunan ng komunidad

Mga organisasyon na hindi pinagkakakitaan, mga grupo ng komunidad, at institusyon ng pamahalaan ay maaari ring maapektuhan ng pagbabawal. Ang mga hindi pang-negosyo na organisasyon ay dapat bisitahin ang website o makipag-ugnayan sa Kagawaran ng Tubig at Regularisasyon ng Kalikasan (Department of Water and Environmental Regulation - DWER) para sa impormasyon at mga mapagkukunan ng komunidad.

## Website ng negosyo

Para sa karagdagang impormasyon at sagot sa mga madalas itanong tungkol sa pagbabawal, bisitahin ang website.

[plasticsbanwa.com.au](https://plasticsbanwa.com.au) >



## Mga papel-kaalaman at karatula

Bisitahin ang website upang mag-download ng mga papel-kaalaman, mga poster, at mga isinalinwikang mapagkukunan upang tulungan ang iyong pangkat at mga kostumer na maghanda para sa pagbabawal.

I-download ang mga mapagkukunan sa pamamagitan ng website



## Mga sesyon ng impormasyon

Pumunta sa libreng sesyon ng impormasyon upang maunawaan ang pagbabawal. Ang mga sesyon ay ginaganap buwan-buwan na may karagdagang lingguhang sesyon bago ang bawat pagbabawal. Magparehistro sa pamamagitan ng website o dito:

<https://bit.ly/wa-plastics-ban> >

Meron ring karagdagang sesyon na malalahukan kung hihilingin para sa mga samahan sa industriya, mga lupong nakatataas, at mga organisasyon na may malalaking mga pangkat o network.



## Karagdagang payo

Tollfree business hotline: [1800 817 723](tel:1800817723)

Email: [sustainability@nationalretail.org.au](mailto:sustainability@nationalretail.org.au)

